

Officer:

I do not wish to speak with you, answer your questions, or sign or hand you any documents based on my 5th Amendment rights under the United States Constitution.

I do not give you permission to enter my home based on my 4th Amendment rights under the United States Constitution unless you have a warrant to enter, signed by a judge or magistrate with my name on it that you slide under the door. I do not give you permission to search any of my belongings based on my 4th Amendment rights.

I choose to exercise my constitutional rights.

These cards are available to citizens and noncitizens.

Ang mga kard na ito ay magagamit sa mga citizens at hindi citizens.


I-ULAT ANG RAID

IPAGTANGGOL ANG SARILI. Makipag-ugnayan sa isang lokal na organisasyon sa iyong komunidad upang talakayin ang mga paraan na maaari mong labanan ang iyong deportasyon at sa gayon maaari mong mahanap ang legal na tulong.



TUMAWAG sa direktang linya ng United We Dream sa 1-844-363-1423 at sabihin sa kanila kung ano ang nangyari.

BISITAHIN ang aming website www.njimmigrantjustice.org para iulat ang raid sa isang immigrant rights' na organisasyon.



ANO ANG DAPAT GAWIN KAPAG IYONG NAKAHARAP ANG IMMIGRATION

KUNG DUMATING ANG ICE SA IYONG TAHANAN

HUWAG BUBUKSAN ANG PINTO. Hindi maaaring pumasok ang ICE ng walang warrant.

HILINGIN NA MAKITA ANG WARRANT AT I-SLIDE SA ILALIM NG PINTO. Kung sabihin ng mga ahente na sila ay may dalang warrant, hilingin na isilid nila ito sa ilalim ng iyong pintuan. Huwag na huwag bubuksan ang pinto.

SURIIN ANG WARRANT. Kumpirmahin ang pangalan at address sa warrant upang tiyakin na ito ay isang wastong warrant na may pangalan mo o ng isang tao na nakatira sa iyong address. Suriin din na ang warrant ay may pirma ng isang hukom. Ang isang ICE warrant ay hindi kapareho ng isang judicial warrant. Sa panahon ng raid sa bahay, kadalasan ay sasabihin ng mga ahente na mayroon silang isang judicial warrant kahit na ICE warrant lang ang meron sila.

I-DOCUMENT ANG MGA PANGYAYARI. Hingin ang pangalan at badge number ng mga ahente ng ICE. Isulat at kumuha ng mga picture ng lahat ng nangyari sa raid.

KUNG LAPITAN KA NG ICE SA ISANG PAMPUBLIKONG LUGAR

ITANONG: “Maaari na ba akong umalis?” at manatiling tahimik.

Hindi ka maaaring i-detain ng ICE para tanunghin ka ng walang dahilan. Bago magbigay ng pangalan o impormasyon sa ICE, tanungin kung ikaw ay maaari nang umalis. Kung sabihin nilang “oo”, umalis sa kinalalagyan. Kung sabihin nilang “hindi” sabihin sa kanila na hindi mo nais sagutin ang anumang katanungan at kailangan mong makipag-usap sa isang abogado.

HUWAG PAHINTULUTAN ANG ISANG PAGHAHALUGLOG. Kung magtangka ang ICE na kapkapan ka o halughugin ang iyong pagaari, sabihin mo na “hindi ako pumapayag sa paghahanap na ito”.

HUWAG TATAKBO. Kung ikaw ay tumakbo, ito ay maaaring makatulong sa ICE na bumuo ng legal na dahilan para pahintuin ka.

TANDAAN

IHANDA ang iyong sarili at ang iyong pamilya sakaling ikaw ay maaresto. Kabisaduhin ang mga numero ng iyong pamilya at abogado. Gumawa ng planong pang-emergency kung ikaw ay may mga anak o pang-medikal na pangangailangan. Itago at gumawa ng kopya ng mga importanteng dokumento at ipatago sa taong iyong pinagkakatiwalaan.

MANATILING TAHIMIK. Huwag sagutin ang anumang katanungan ng ICE o magbigay ng kahit anong impormasyon. Kahit na anong sabihin mo ay maaaring gamitin laban sa iyo.

HUWAG LABANAN ANG PAGARESTO. Kahit na magkamaling i-detain ka ng ICE, huwag manlaban sa pagaresto.

HUWAG MAGSINUNGALING O MAGBIGAY NG PEKENG MGA DOKUMENTO. Kung ikaw ay isang US Citizen o mayroong legal na katayuan, ipakita ang kati-bayan. Kung wala kang immigration documents, sabihin sa ICE na nais mong manatiling tahimik. Iwasang magpakita ng documentation mula sa iyong pinanggalingang bansa.

HILINGIN NA MAKIPAGUSAP SA ABOGADO. Huwag magsalita ng kahit na ano, at huwag gumawa ng mga desisyon ng hindi nakikipagusap sa isang abogado.

HUWAG PIPIRMA. Maaaring sabihan ka ng mga ahente ng ICE na kailangan mong pirmahan ang ilang mga dokumento. Huwag pipirma sa kahit na hanggang hindi nakakakonsulta sa isang abogado.

KUNG LAPITAN KA NG ICE

HUWAG SAGUTIN ANG ANUMANG KATANUNGAN MULA SA AHENTE kung subukan ka nilang kausapin. Ikaw ay may karapatan na manatiling tahimik. Ikaw ay may karapatan na makipagusap sa isang abogado.

HUWAG BUBUKSAN ANG PINTO kung may ahente ng immigration sa iyong pinto. Kung sabihin ng ahente na sila ay may warrant, hilingin na kanilang isilid sa ilalim ng pinoy upang i-verify na ito ay may pirma ng isang hukom.

GUPITIN ANG CARD NA ITO AT IBIGAY SA AHENTE. Ikaw ay may mga konstitusyonal na karapatan.

